Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Ayos ng pangungusap

Panuto: Salungguhitan ang buong paksa o simuno ng bawat pangungusap. Pagkatapos, isulat sa patlang ang titik **K** kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*. Isulat ang mga titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay *di-karaniwan* o *kabalikan*.

DK 1. Ang dating sirang kalsada ay inaspalto na.

K 2. Masama sa katawan ang paninigarilyo.

K 3. Madalas kumain ng kendi at tsokolate si Benny.

DK 4. Kami ay pupunta sa opisina ng koreo mamayang hapon.

DK 5. Ang barkada ni Ellen ay magmemeryenda sa bahay bukas.

DK 6. Si Tito Melchor ang maghahatid sa atin sa istasyon ng bus.

K 7. Nakabihis na at handa nang umalis ang mga anak natin.

DK 8. Sina Finn at Jake ay naghahanap ng mga pambihirang karanasan.

K 9. Tumulong sa paglinis ng bakuran sina Juan at Jose.

K 10. Tumagal nang higit sa dalawang oras ang programa.

K 11. Dadalo kami sa pagdiriwang ng kaarawan ni Jessica.

DK 12. Tayo ay magbabakasyon sa isang magandang resort sa Batangas.

K 13. May mga alagang aso at pusa ang pinsan ko sa probinsiya.

K 14. Masyadong maasim ang manggang ibinigay sa akin.

K 15. Gaganapin sa bahay ni Ollie ang munting salusalo.

DK 16. Si Ate Sheila ay gumigising nang maaga para magluto ng almusal.

K 17. Nakatira ang kaibigan ko sa kabilang subdibisyon.

K 18. Magluluto si Tita Nadia ng masarap na kare-kare.

DK 19. Ang mga lumang damit at sapatos ay ibibigay ko sa bunso namin.

DK 20. Sila ay sasama sa atin papunta sa Museo Pambata.